

25 Enero 2016

KGG. DIOSDADO M. SAN ANTONIO
Direktor, Rehiyon IV-A
Kagawaran ng Edukasyon
Karangalan ES, Karangalan Village
Cainta, Rizal

16010159

Mahal na Direktor San Antonio:

Pagbati mula sa KWF!

Magalang naming hinihiling na magpadala kayo ng mga aplikasyon sa *Pambansang Kampo Balagtas 2016* na mangyayari mula 1–3 Abril 2016 sa Orion Elementary School, Orion, Bataan.

Ang Kampo Balagtas ay bahagi ng pagdiriwang ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ng *Araw ni Balagtas* na ginugunita tuwing 2 Abril taon-taon. Ang tema ng pagdiriwang sa taong 2016 ay *Si Balagtas at ang Filipinong Manlilikha.* Layunin ng kumperensiya na turuan at sanayin sa malikhaing pagsusulat ang mga mapipiling kabataang manunulat bilang panghihikayat sa kanila na makibahagi sa patuloy na pagpapaunlad at pagpapayaman ng panitikan ng bansa.

Maaaring magpasa hanggang 31 Enero 2016. Kalakip ng liham na ito ang tuntunin para sa Kampo Balagtas 2016. Para sa mga tanong o kumpirmasyon, maaaring makipag-ugnayan kay John Enrico C. Torralba o Roy Rene S. Cagalingan sa 736-2519, o magpadala ng email sa jetorralba@kwf.gov.ph / rrcagalingan@kwf.gov.ph.

Maraming salamat sa patuloy na pakikiisa at tangkilik sa mga gawaing pangwika ng Komisyon sa Wikang Filipino.

Lubos na gumagalang,

ROY RENE S. CAGALINGAN
Direktor ng Pambansang Kampo Balagtas 2016



HINGGIL SA PAMBANSANG KAMPO BALAGTAS 2016

Inaanyayahan ang mga kabataang manunulat na lumahok sa Pambansang Kampo Balagtas 2016 na itinataguyod ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) para sa Buwan ng Panitikan sa Abril 2016. Mangyayari ito sa Orion Elementary School, Orion, Bataan mula 1–3 Abril 2016.

Ang Kampo Balagtas ay isang pambansang kumperensiya na naglalayong turuan at sanayin sa malikhaing pagsulat ang mga pilíng kabataang manunulat bilang panghihikayat sa kanila na makibahagi sa patuloy na pagpapaunlad at pagpapayaman ng panitikan ng bansa. Bahagi ito ng pagdiriwang ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ng *Araw ni Balagtas* na ginugunita tuwing 2 Abril taon-taon.

Bukás ang kumperensiya sa lahat ng mag-aaral na nása ikapito hanggang ikalabing-isang (7–11) baitang na kasapi at nakapaglathala na sa kanilang pahayagang pangkampus. Ang mga kalahok ay pipiliin ng KWF batay sa ipapasang mga kopya ng pahayagang pang-estudyante. Ang pamasahe, pagkain, at akomodasyon ng mga kalahok ay sasagutin ng KWF.

Para sa mga nais lumahok, kinakailangang magpadala ang paaralan ng kalahok ng tatlong (3) kopya ng itinuturing nilang pinakamahusay na isyu ng kanilang pahayagang pangkampus. Pipili ng mga kalahok ang KWF batay sa ipinasang isyu ng pahayagang pangkampus. Maaaring ipadala ang mga lahok sa Gusaling Watson, Kalye J.P. Laurel, Malacañang Complex, San Miguel, Maynila. Ang huling araw ng pagpasa ng aplikasyon ay 31 Enero 2016.

PAMBANSANG KAMPO BALAGTAS 2016

PORMULARYO SA PAGLAHOK

Mga Kailangang isumite sa Timpalak:

- ☐ Tatlong (3) kopya ng pahayagang pang-estudyante
- ☐ Opisyal na Pormularyo ng Paglahok
- ☐ Rekomendasyon ng adviser ng publikasyon

PAMAGAT NG LIKHA AT PETSA NG PAGKAKALIMBAG	PANGALAN NG PAHAYAGANG PANG-ESTUDYANTE	LAHOK BLG.
PANGALAN NG KALAHOK		PETSA NG KAPANGANAKAN
APELYIDO UNA GITNA		
TIRAHAN/ADRES	TELEPONOBLG.LANDLINEAT/OMOBILE	
PAARALAN AT BAITANG		
PANGALAN AT KATUNGKULAN NG NAGREKOMENDA		

KOMISYONSAWIKANGFILIPINO
2/FWatsonBuilding,J.P.LaurelStreet,SanMiguel,Manila
Tel.Blg.736-2519•736-0315•736-2521
Romil.gov@gmail.com•www.kwf.gov.ph

NAKALIMBAG NA PANGALAN AT LAGDA NG LUMAHOK

NAKALIMBAG NA PANGALAN AT LAGDA NG NAGREKOMENDA MULA SA PAARALAN NG KALAH

PETSA NG PAGSUMITE:_____